

Seven & i Group Sustainable Code of Conduct para sa mga Business Partner

I. Introduksyon

- **Ang Seven & i Group ay kumikilos nang may integridad at nag-aambag sa pagsasakatuparan ng isang sustainable society batay sa patakaran ng aming kumpanya.**

Company Mission

Layunin namin na maging isang matapat na kumpanya na pinagkakatiwalaan ng aming mga customer.

Layunin namin na maging isang matapat na kumpanya na pinagkakatiwalaan ng aming mga business partner, shareholder, at lokal na komunidad.

Layunin namin na maging isang matapat na kumpanya na pinagkakatiwalaan ng aming mga employado.

- **Itinatag ng Seven & i Group ang "Seven & i Group Human Rights Policy" batay sa mga internasyonal na prinsipyong at pamantayan tungkol sa human rights upang maunawaan ng lahat ng tao ang human rights at magampanan ang responsibilidad na igalang ito.**

Ang patakaran ito ay para sa lahat ng opisyal at employado, at patuloy naming hihikayatin ang lahat ng mga business partner na itaguyod din ang patakaran ito, at magtulungan na igalang ang human rights.

- **Ang Seven & i Group ay bumubuo ng mga relasyon ng magkasamang kaunlaran sa mga business partner nito upang mag-aambag sa "2030 Sustainable Development Goals Agenda" pilosopiya na "Walang maiiwan (No one will be left behind)".**

Kasama ang aming mga business partner, isusulong namin ang "paggalang sa human rights", "pagpapanatili ng global environment", "pagsunod sa mga batas at regulasyon", at pag-aambag sa pagsasakatuparan ng isang sustainable society.

Kasama ang aming mga business partner, magbibigay kami ng "mga produkto at serbisyo na ligtas at may seguridad" upang lumikha ng isang malusog at maunlad na hinaharap.

Kasama ang aming mga business partner, tutugunan namin ang mga social issue na humahantong sa social exclusion, at pag-promote sa social inclusion kung saan walang sinuman ang maiiwan.

II. Pagpapatupad ng "Seven & i Group Sustainable Code of Conduct para sa mga Business Partner"

Hinihiling namin sa lahat ng mga business partner na unawain at sundin ang "Seven & i Group Sustainable Code of Conduct para sa mga Business Partner".

1. Hinihiling namin sa mga business partner na unawain at sundin ang “Seven & i Group Sustainable Code of Conduct para sa mga Business Partner” (mula rito ay tatawaging Business Partner Code of Conduct), at ipabatid sa kanilang mga supplier kung saan sila kumukuha ng mga produktong pinangangasiwaan ng Seven & i Group.
2. Hinihiling namin ang inyong pakikipagtulungan sa pagbabahagi ng impormasyon sa Seven & i Group tungkol sa pagsunod sa Business Partner Code of Conduct kung kinakailangan.
3. Ang anumang matinding paglabag sa Code of Conduct, tulad ng mga aksidente na nagdulot ng personal na pinsala, paglabag sa human rights, o paglabag sa mga batas at regulasyon na nakumpirma ay dapat agad na iulat sa person-in-charge sa bawat Seven & i Group operating company, at depende sa risk level ng issue ay kailangang gumawa ng corrective at remedial measures upang pigilan ang paglaganap ng pinsala, gayundin ang pag-iimbestiga sa sanhi at paggawa ng mga hakbang upang pigilan ang pag-ulit nito.
4. Suriin ang mga sustainability risk sa inyong mga business activity at sikaping unahan at tutukan ang mga area na may high risk ng negatibong epekto.
5. Hinihiling namin sa mga business partner na gumawa ng mga patakaran na kasama ang mga nilalaman ng Business Partner Code of Conduct, ipakita ito sa loob at labas ng kumpanya, magsagawa ng mga awareness-raising activity tulad ng mga training, at lumikha ng organisasyon para sikaping itaguyod at ipatupad ang mga ito. Regular na imbestigahan ang aktwal na sitwasyon sa loob ng iyong organisasyon upang tukuyin ang mga isyu, gumawa ng corrective at remedial measures, at gumawa ng mga hakbang upang pigilan ang pag-ulit nito.
6. Kung makumpirma ang anumang mabigat na gawain na lumalabag sa Code of Conduct, tulad ng paglabag sa human rights, o paglabag sa mga batas at regulasyon, maaari naming suspindihin ang ating mga transaksyon o wakasan ang ating kontrata. Kahit na magkaroon ng anumang pinsala sa naturang kaganapan, ang aming kumpanya o maging ang alinman sa mga Seven & i Group operating company ay hindi magbibigay ng kompensasyon o reimbursement.

III. Seven & i Group Sustainable Action Guidelines para sa mga Business Partner

1. Pagsunod sa mga batas at regulasyon/Paggalang sa International Standards

1. Sundin ang mga batas at regulasyon ng bawat bansa at rehiyon, pati na rin ang mga kaugnay na international standards at ang diwa nito.
2. Gumawa ng mga patakaran para sa pagsunod sa mga batas at regulasyon, magtataugat ng mga system, magbigay ng mga training, magtataugat ng internal reporting system, atbp.

2. Paggalang sa human rights

Bilang pangunahing priyoridad, protektahan ang human rights ng lahat ng taong kasali sa mga business activity, sikaping bumuo ng mga relasyon ng tiwala, at magsikap na mapabuti ang pagiging produktibo.

1. Igalang ang mga deklarasyon ng international na kasunduan tulad ng “International Bill of Human Rights” at ang “International Labour Organization (ILO) Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work”. Dagdag pa rito, hinihiling namin na inyong galangin ang human rights batay sa mga deklarasyon na ito kahit na sa mga kaso kung saan hindi sapat ang proteksyon sa human rights na ibinibigay sa isang bansa o rehiyon.
2. Huwag lumahok sa mga paglabag sa human rights, direkta o hindi direkta.
3. Huwag pabayaan ang paggalang sa human rights para sa kapakanan ng mga business activity.
4. Gumawa ng remedial measures kung nakumpirma ang mga paglabag sa human rights.
5. Gumawa ng mga patakaran para sa paggalang sa human rights, magtagtag ng mga system, magbigay ng mga training, magtagtag ng internal reporting system, atbp.

3. Pagbabawal sa child labor at proteksyon ng mga child laborers

Ang edukasyon para sa mga bata ay mahalaga para sa masaganang pag-unlad ng isang sustainable society, kaya ipagbawal ang child labor na humahadlang sa pagkakataong ito. Dagdag pa rito, bigyan ng sapat na proteksyon ang mga child laborers dahil kulang pa ang kanilang karanasan sa pakikibagay sa lipunan.

1. Suriin ang edad ng lahat kapag magha-hire ng mga empleyado.
2. Huwag mag-hire ng mga bata, ito ay labag sa mga lokal na batas at regulasyon at kombensiyon na itinatag ng International Labor Organization (ILO).

*Ang ILO Convention ay nagsasaad na ang pinakamababang edad ng isang manggagawa ay hindi dapat bababa sa 15 taong gulang at hindi bababa sa edad kung saan ang manggagawa ay nakapagtapos ng kanyang compulsory education. (Gayunpaman, may mga eksepsiyon para sa hazardous work, tulad ng 18 taong gulang o higit pa sa lahat ng bansa at 14 taong gulang o higit pa sa transition period sa mga developing countries, pati na rin ang mga eksepsiyon para sa light labor)
3. Huwag payagan ang sinumang wala pang 18 taong gulang na magtrabajo sa gabi o sa mga hazardous work.
4. Protektahan ang bata at magbigay ng kinakailangang suporta at mga hakbang sa pagtulong kung makumpirma ang child labor.

4. Pagbabawal sa forced labor

Ang trabaho ng empleyado ay dapat na voluntary, at huwag gawin ang forced labor. Ang pagbabawal na ito ay angkop hindi lamang sa forced labor sa pamamagitan ng banta ng parusa, kundi pati na rin sa mga trabaho o mga serbisyo hindi isinagawa sa malayang kalooban.

1. Ang forced, bonded, at coerced slavery (sapilitang pangangalipin) ay ipinagbabawal.
2. Huwag hihingi ng pinansyal na deposito at huwag hihingiin ang mga oriinal na identification documents ng mga manggagawa o mga jobseeker. Kung gagamit ng recruitment agency, siguraduhin na ang agency ay hindi ginagawa ang mga recruitment practices tulad ng forced labor at paghingi ng pinansyal na deposito at mga oriinal na identification documents mula sa mga jobseeker.
3. Sa lugar ng trabaho, hindi maaaring magkaroon ng hindi makatwirang mga paghihigpit sa kalayaang kumilos ng mga manggagawa, at ang pag-install ng mga camera at paglalagay ng mga security guard, atbp. ay dapat para sa crime prevention, information management, at occupational safety management, atbp., at hindi para sa layunin ng pagsubaybay sa mga empleyado.

4. Ang mga empleyado ay malayang umalis sa trabaho pagkatapos ng kanilang nakatakdang work hours, at hindi dapat pilitin na mag-overtime nang wala ang kanilang pahintulot.
5. Ang pagbibitiw sa tungkulin ay dapat na boluntaryo.

5. Pagprotekta sa trabaho at manggagawa

Mag-hire ng mga taong nakikibahagi sa mga corporate activity sa patas na paraan, human rights, bigyang konsiderasyon ang kaligtasan at kalusugan, at magbigay ng trabaho at kapaligiran na malinis, functional, kapaki-pakinabang, at makatao.

1. Tuwing magha-hire ng mga empleyado, tiyakin na may naaangkop na labor contract batay sa mga lokal na batas at regulasyon para mga empleyado sa kanilang sariling wika o sa isang wikang na kanilang naiintindihan.
 2. Ang mga impormasyon tungkol sa employment terms and conditions ay dapat na nakasulat, madaling maunawaan at madaling makuha.
 3. Kung magha-hire ng immigrant workers, kailangang bigyan sila ng employment terms bago sila umalis sa kanilang sariling bansa.
 4. Sikaping matapos ang work hours na sumusunod sa mga standards na inirerekомenda ng International Labor Organization (ILO).
- *ILO “Recommendation concerning Reduction of Hours of Work”, 1962
- Ang progresibong tagumpay ng prinsipyong 40-hour week bilang society standard.
 - Hindi dapat mabawasan ang sahod ng mga manggagawa kapag nabawasan ang work hours.
 - Para sa mga lugar na ang regular na work hours ay kasalukuyang 48-hour week o higit pa, kailangang gumawa ng mga hakbang upang ibaba ang mga ito sa 48 oras.
5. Pahintulutan ang mga empleyado na magkaroon ng sapat na panahon upang magpahinga batay sa mga batas ng kani-kanilang bansa. Dagdag pa rito, tiyakin na may hindi bababa sa 1 araw ng pahinga sa bawat 7 araw.
 6. Ang mga manggagawa ay dapat na makabuo at makasali sa mga labor union na kanilang pinili batay sa mga lokal na batas.
 7. Magpatupad ng mga polisiya at proseso na magbabawal sa diskriminasyon kaugnay ng mga aktibidad tulad ng pag-oorganisa at pagsali sa mga labor union, at mga desisyon tungkol sa mga job application, promotion, termination, at job transfer.
 8. Ang mga employer, mga labor union at mga kinatawan ng empleyado ay dapat malayang talakayin ang mga isyu at bumuo ng malusog na labor-management relations upang magkaroon ng kasunduan na kasiya-siya sa lahat ng 3 partido.

6. Pagbabayad ng living wages

Sikaping magbigay ng disente at makabuluhang trabaho, at magbayad ng sahod na susuporta sa malusog at sibilisadong buhay ng mga empleyado. Magbayad ng living wages at mag-ambag sa social stability at pagpuksa sa child labor.

1. Ang sahod ay dapat na hindi bababa sa minimum wage na itinakda ng mga lokal na batas o industriya, alinman dito ang mas mataas.

2. Magbigay ng takdang kita upang matugunan ang antas ng pamumuhay sa bawat bansa o rehiyon, at sikaping magbayad ng living wages, na kinakailangan upang mapanatili ang standard of living, kabilang dito ang pagkain, tubig, pambahay, edukasyon, at healthcare.
3. Ang bayad sa overtime ay dapat katumbas o mas mataas sa legal na required rate.
4. Ibigay ang lahat ng legally required na mga allowance at benepisyo.
5. Siguraduhing ipaalam ang panahon na sakop at mga detalye ng sahod sa tuwing nagbabayad nito.
6. Kalkulahin nang eksakto ang mga sahod at isaad ng malinaw ang batayan para sa mga ito.

7. Pagbabawal sa abuso, harassment, diskriminasyon, at hindi makataong pagtrato

Ipagbawal ang abuso, harassment, diskriminasyon, at hindi makataong pagtrato, at isulong ang paglikha ng isang kapakipakinabang at makataong work environment. Ang diskriminasyon ay hindi lamang hindi makatarungang nag-aalis sa mga tao ng mga oportunidad sa trabaho at lulumabag sa mga basic human rights, pinipigilan din nito ang maraming kontribusyon at human resources na maaari nilang ibigay sa lipunan, na nagiging malaking kawalan sa lipunan.

1. Ipagbawal ang pisikal o mental na pang-aabuso o mga banta ng pang-aabuso, sekswal, pamimilit o iba pang harassment, at magpatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang mga ito.
2. Para sa recruitment, salary, promotion, transfer, training, at termination/retirement, ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, kasarian, relihiyon, pananaw sa pulitika, lugar ng pinagsmulan, social origin, edad, kapansanan, impeksyon sa mga nakakahawang sakit, pagiging miyembro ng labor union, sexual orientation, gender identity, atbp. at dapat matiyak ang pantay na pagkakataon para sa lahat.
3. Kung makumpirma ang pang-aabuso, harassment, diskriminasyon, o hindi makataong pagtrato, kumilos upang malutas ang sitwasyon.
4. Ang mga financial penalty ay dapat na limitado sa pinahihintulutan ng lokal na batas lamang. Ang mga disciplinary procedure at penalty ay dapat na limitado sa pinahihintulutan ng batas lamang at hindi dapat makakaabala sa buhay ng mga empleyado, at dapat na malinaw na nakasaad sa work rules and regulations, atbp., at kinakailangan na ipabatid sa mga empleyado.

8. Occupational Safety and Health

Ang mga empleyado ay inaasahan na boluntaryong ipapatupad ang patuloy na safety and health management, iwasan ang mga workplace accident, itaguyod ang kalusugan ng mga manggagawa, lumikha ng komportableng work environment, at magsikap na mapabuti ang mga safety and health standard sa lugar ng trabaho.

1. Ang mga gusali at kagamitan sa lugar ng trabaho at pambahay na ibinibigay sa mga empleyado ay dapat matugunan nang sapat ang mga standards upang matiyak ang kaligtasan ng empleyado, at aprubado ng mga lokal na building code regulations, at dumaan at pumasa sa maayos na inspeksyon.
2. Ang mga emergency exit, mga evacuation route at mga palatandaan na nakakatugon sa mga standards ng mga lokal na batas ay dapat na ilagay sa lugar ng trabaho at sa mga pambahay na ibinibigay sa mga empleyado, at dapat na magsagawa ng mga regular na inspeksyon at mga evacuation drills.
3. Tiyakin na ang pambahay na ibinibigay sa mga empleyado ay may sapat na living environment at privacy.

4. Magbigay ng mga malinis na banyo at inuming tubig sa mga employado, at huwag limitahan ang pag-access sa mga ito sa oras ng trabaho.
5. Bigyan ng protective equipment, mga instruction, at mga training ang mga employado upang magawa nila ng ligtas ang kanilang trabaho.
6. Pangasiwaan at iimbak nang maayos ang mga kemikal, at gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga aksidente at upang limitahan ang pinsala kung magkaroon man ng aksidente.
7. Tukuyin at suriin ang mga mabigat na pisikal na trabaho, at magpatupad ng angkop na pamamahala dito upang maiwasan ang mga workplace accident at workplace illness.
8. Kung sakaling magkaroon ng workplace accident o workplace illness, kailangang tukuyin, i-evaluate, i-report ang sitwasyon, at gumawa ng mga angkop na hakbang sa pagwawasto.
9. Sumunod sa mga batas at regulasyon sa mga employee benefits at sikapin na magbigay ng mga benepisyos sa mga employado na upang sila ay makapagtrabaho ng payapa ang isip.
10. Ipagbawal ang anumang hindi kanais-nais na pagtrato dahil sa pagbubuntis, panganganak, childcare, atbp., at sikapin na magbigay ng kapaligiran sa pagtatrabajo na angkop sa labor force.
11. Magsagawa ng mga angkop na health checks upang maprotektahan ang kalusugan ng mga employado.

9. Pagpapanatili ng global environment

Mag-ambag sa pagsasakatuparan ng isang sustainable society sa pamamagitan ng environment friendly na pagsasagawa ng negosyo sa lahat ng aspeto, kabilang dito ang pagkuha ng raw materials, manufacturing, at supply.

1. Sundin ang mga environmental regulation at mga internasyonal na kombensiyon ng bawat bansa at rehiyon.
2. Huwag gumamit ng mga kemikal na ipinagbabawal ng mga internasyonal na kombensiyon o mga batas at regulasyon, o mga kemikal na ipinagbabawal ng mga Seven & i Group operating company na gamitin.
3. Ang basura, exhaust, at wastewater ay dapat na maayos na pinamamahalaan upang maiwasan ang polusyon sa kapaligiran.
4. Subaybayan ang pinagmulan, paggamit, at paglabas ng tubig na iyong ginagamit, at sikaping gamitin ang mga water source nang epektibo, kabilang dito ang water conservation at angkop na wastewater treatment.
5. Sikaping maunawaan nang husto ang epekto ng iyong negosyo sa kapaligiran.
6. Magkaroon ng kamalayan sa kahalagahan ng biodiversity at sikaping pangalagaan ito.
7. Ang mga business partner na humahawak ng mga orihinal na produkto ng mga Seven & i Group operating company ay hinihiling na makipagtulungan upang makamit ang mga layunin ng "GREEN CHALLENGE 2050" ng Seven & i Group.
 - Pagbabawas ng CO2 emissions
 - Pagsapit ng 2050, ang lalagyan ng mga orihinal na produkto ay gagamit ng 100% environment friendly materials (biomass, biodegradable, recycled materials, papel, atbp.)
 - Makamit ang 100% food waste recycling rate pagsapit ng 2050
 - Ang mga sangkap ng pagkain sa mga orihinal na produkto ay magiging 100% sustainably sourced pagsapit ng 2050
8. Sikaping bumuo at palaganapin ang mga environment friendly technology at aktibong ipakilala ang mga ito.

10. Pag-iwas sa confidential information leak at information management

Ang "confidentiality", "integrity", at "availability" ng mga information asset ay dapat panatilihin, at dapat na protektahan ang impormasyon mula sa mga banta tulad ng mga sinadya o hindi sinasadyang information leaks, pagnanakaw, palsipikasyon, at pagkasira.

1. Magtagtag ng istruktura ng organisasyon para sa pagpapanatili at pamamahala ng information security at tukuyin ang bawat tungkulin at responsibilidad.
2. Ang paggamit ng lahat ng impormasyon ay limitado sa pagkamit ng mga layunin ng negosyo lamang, at ipinagbabawal ang anumang paggamit para sa iba pang mga layunin o personal na paggamit, at hindi maaaring gamitin ng ibang tao ang impormasyon na ito.
3. Magtata tag at magpanatili ng mga regulasyong nauugnay sa information security at magbigay ng regular na edukasyon at trainings sa lahat ng employado.
4. Magtata tag ng sistema at mga proseso para makagawa ng mabilis at mabisang mga hakbang bilang paghahanda sa mga insidente o aksidente sa information security.
5. Gumawa ng business continuity plan at sikapin na tiyakin ang information security bilang paghahanda sa mga sakuna, aksidente, atbp.
6. Sundin ang mga batas, mga regulasyon at mga obligasyong kontraktwal na may kinalaman sa information security.
7. Magsagawa ng mga self-audit at internal audit upang siguraduhin na ang mga regulasyong nauugnay sa information security ay nasusunod at ang mga hakbang sa pamamahala upang matiyak na ang information security ay angkop at epektibo, at gumawa ng anumang kinakailangan na corrective measures.
8. Upang maiwasan ang mga information leak, mga paglabag sa human rights, mga ilegal na aktibidad, atbp., na dulot ng paggamit ng mga employado ng social media, ang mga kumpanya ay dapat magtata tag ng mga regulasyon sa pamamahala sa paggamit nito at sikapin na turuan ang mga employado.

11. Personal information management

Ang pagprotekta sa personal information ay isang mahalagang business issue at social responsibility, at lahat ng mga opisyal at employado ay dapat kilalanin ito bilang isang obligasyon at isagawa ang kanilang mga tungkulin nang naaangkop.

1. Hindi gagamit ng personal information para sa anumang layunin maliban sa mga tinukoy, at kukuha muna ng pahintulot ng indibidwal kung nais gamitin ang impormasyon labas sa saklaw ng tinukoy na layunin nito.
2. Magtata tag ng istruktura ng organisasyon para sa pagprotekta sa personal information at tukuyin ang bawat tungkulin at responsibilidad.
3. Kunin, pamahalaan, gamitin, at magbigay ng personal information nang naaangkop at batay sa mga batas at regulasyon.
4. Kung may nangyaring insidente o aksidente ng personal information leak, agad na iulat sa mga kaugnay na awtoridad at sa person-in-charge sa bawat Seven & i Group operating company, at gumawa ng mga hakbang upang pigilan ang pagkalat ng pinsala.

12. Quality control at ethical response

Upang mabigyan ang lipunan ng masagana at malusog na pamumuhay, sikaping magbigay ng mga produkto at serbisyo na magpapasaya sa mga customer sa pamamagitan ng pagkamit sa kaligtasan at seguridad, pati na rin “innovation” at “quality”. Upang makapagbigay sa end consumer ng ethical na produkto na ligtas at may seguridad, sundin ang quality standards na hinihiling ng bawat Seven & i Group operating company at ang mga sumusunod na usapin.

1. Ang mga supplier ay kailangang gampanan ang kanilang mga responsibilidad na galangin, protektahan, at resolbahin ang human rights, isaalang-alang ang trabaho at work environment, at pagpapanatili sa global environmmt sa panahon ng mga proseso ng pagkuha ng raw materials, manufacturing, produksyon, transportasyon, at paghahatid ng mga produkto at serbisyo sa end consumer.
2. Sundin ang lahat ng quality standards at labeling standards na itinatag sa bansa ng produksyon at bansang pinagbebentahan.
3. Magdevelop at maghatid ng mga produkto at serbisyo ayon sa pananaw ng customer, at magsikap na mapabuti ang kalidad upang masiyahan ang mga end consumer.
4. Panatilihin ang mataas na ethical standards sa pagdevelop at paghahatid ng mga produkto at serbisyo, at sumunod sa mga batas, regulasyon, at mga pamantayang panlipunan.
5. Ibigay sa mga end consumer ng kinakailangang impormasyon tungkol sa iyong mga produkto at serbisyo sa angkop at madaling maunawaan na paraan.
6. Siguraduhing ligtas ang mga produkto at serbisyon para sa mga bata o kung saan maaaring ma-expose ang mga bata, at hindi nagdudulot ng anumang pinsala sa isip, moral o pisikal ng mga bata.

13. Relasyon sa mga lokal at internasyonal na komunidad

Igalang ang mga human rights, kapaligiran, kultura, relihiyon, kaugalian, atbp. ng mga bansa at rehiyon kung saan ka nagnenegosyo, at mag-ambag sa pagsasakatuparan ng isang sustainable society.

1. Sa pamamagitan ng diyalogo, hinihiling namin na unawain ang iba't ibang isyung panlipunan na kinakaharap ng mga internasyonal at lokal na komunidad, at mag-ambag sa paglutas ng mga isyung ito sa pamamagitan ng cooperation, collaboration, business iba pang paraan.
2. Huwag magsagawa ng mga business activity na humahadlang sa kaligtasan at kalusugan ng mga lokal na residente.
3. Hindi maaaring magkaroon ng anumang kaugnayan sa mga anti-social forces (mga armadong grupo, organisasyong kriminal, organisasyong terorista, gang, miyembro ng gang, kumpanya o organisasyong may kaugnayan sa mga gang, corporate racketeer, manloloko na nakikibahagi sa mga social at political activity, mga specialized intelligence violent groups, atbp.) o iba pang mga taong kasama ng mga anti-social forces.
4. Gumawa ng mga hakbang upang putulin ang anumang ugnayan sa mga anti-social forces, kumpirmahin na ang iyong mga supplier at iba pang mga business partner ay hindi kaakibat sa mga anti-social forces, at isama sa lahat ng mga kontrata upang ibukod ang mga anti-social forces.
5. Sa iyong mga transaksyon, huwag makisangkot sa mga hidwaan o krimen, tulad ng pagiging source ng mga pondo para sa mga anti-social forces.

14. Anti-corruption at fair trade

Sumali sa patas, malinaw at malayang kompetisyon at naaangkop na mga transaksyon sa negosyo, at panatilihin ang malusog at maayos na relasyon sa pulitika at mga ahensya ng gobyerno.

1. Huwag sumali sa anumang uri ng katiwalian, kabilang ang extortion at bribery.
2. Sa kurso ng pagsasagawa ng negosyo, huwag direkta o hindi direktang mag-alok o tumanggap ng mga regalo, loan, fees, compensation o iba pang benepisyong hihimok sa sinuman na gumawa ng mga bagay na hindi wasto, illegal at breach of trust.
3. Magtataug an anti-corruption policy at training system.
4. Igalang ang libre at patas na kumpetisyon at sumunod sa mga antitrust laws, regulasyon, at company rules.
5. Sa pagsasagawa ng mga transaksyon, sumunod sa mga matiwasa na business practice, magsagawa ng mga transaksyon sa ilalim ng patas na mga tuntunin, at huwag tumanggap ng anumang personal na kapakinabangan.
6. Ang mga political donation at ang pagbibigay ng mga regalo, libangan, at mga benepisyong pinansyal sa mga lokal at dayuhang public official o mga tao sa katumbas na katayuan ay dapat isagawa alinsunod sa mga batas at regulasyon ng bawat bansa, at dapat na mapanatili ang wastong relasyon sa pulitika at mga ahensya ng gobyerno.

15. Pagprotekta sa intellectual property

1. Protektahan ang mga intellectual property rights na hawak o pagmamay-ari ng kumpanya mula sa paglabag ng mga third party.
2. Huwag labagin ang mga karapatan ng anumang third party, tulad ng iligal na pagkuha o paggamit ng mga intellectual property rights kabilang ang mga patent, utility model, disenyo, trademark, copyright, at trade secret, o paggamit ng software nang walang pahintulot o paggawa ng mga ilegal na kopya ng mga libro o iba pang media information.

16. Kontrol sa import at export

1. Sundin ang lahat ng batas at regulasyon sa pag-import at pag-export ng mga produkto, raw materials, atbp.
2. Huwag magkaroon ng anumang kaugnayan sa mga bansa, rehiyon, organisasyon, o indibidwal na napapailalim sa mga international economic sanctions sa pagbibigay ng mga pondo o materyales para sa mga produkto o raw materials, o sahod bilang kabayaran sa paggawa.
3. Gumawa ng due diligence upang matukoy kung ang mga raw materials na nilalaman ng iyong mga produkto ay nagdudulot o nag-aambag sa mga matinding paglabag sa human rights, pagkasira ng kapaligiran, katiwalian, hidwaan, atbp. sa mga lugar na apektado ng hidwaan o mga high risk area.

17. Magtag ng reporting system

Ang mga supplier ay dapat magpatupad ng sistema para sa angkop na paghawak ng mga report at konsultasyon sa organizational o individual misconduct mula sa loob at labas ng kumpanya, at sikapin na pigilan, tuklasin at itama ang mga paglabag sa human rights at misconduct habang maaga, nang sa gayon ay matiyak ang proteksyon ng mga human rights at compliance.

Dagdag pa rito, sikapin na protektahan ang mga gumagawa ng mga report upang hindi sila mapasailalim sa anumang paghihiganti para sa paggawa ng mga report.

18. Disaster prevention measures

Asahan ang posibilidad ng mga natural na sakuna at gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang pinsala, kasama ang kaligtasan ng mga empleyado at lokal na residente bilang pangunahing priyoridad. Dagdag pa rito, dapat bumuo ng business continuity plan para sa pagpapatuloy ng negosyo o maagang recovery habang pinapaliit ang pinsala sa mga business asset, magsagawa ng mga regular simulations at suriin ang plano.

19. Pag-deploy sa supply chain

Kailangang sikapin ng mga business partner na tiyaking nauunawaan at maipatupad ng kanilang mga supplier ang mga alituntuning ito, at magbigay ng angkop na suporta at pagwawasto kung kinakailangan.

20. Pagsubabaybay

Ang mga layunin ng pagsubabaybay ay "magbigay ng kaligtasan at seguridad sa mga customer", "magkasamang kaunlaran sa mga business partner", at "pag-promote ng mga alituntuning ito". Inaasahan namin ang inyong pakikipagtulungan sa pagsubabaybay.

1. Makipagtulungan sa anumang pagsubabaybay na isinagawa bilang patunay sa pagsunod sa mga alituntuning ito.
2. Maghanda at maayos na itago ang mga dokumento at mga implementation records na magpapatunay sa pagsunod sa alituntuning ito.
3. Sundin ang anumang mga disclosure o sharing request mula sa Seven & i Group.
4. Kung ang pagsubabaybay ay magbunyag ng anumang hindi pagsunod sa mga alituntuning ito, sikaping pagbutihin at itama ang sitwasyon.

Wakas

Itinatag noong Marso 2007

Nirebisa noong Abril 2017

Nirebisa noong Disyembre 2019

Nirebisa noong Marso 2025